JUDY FORONDA GUNERUISSEN ERLINDA PAJARILLO SKOGLUND

MAG-ARAL TAYO

PATNUBAY SA PAG-AARAL SA MGA SERYENG MAG-ARAL TAYO

SOLUM FORLAG

Nilalaman:

Pangunang Salita 3
Paggamit ng mga Aklat 5
Mag-aral Tayo 1 6
Mag-aral Tayo 2 14
Mag-aral Tayo 3 24
Mahahabang teksto 28

Pangunang Salita

Ang patnubay na ito ay para sa sino mang gagamit sa mga seryeng ”Mag-aral Tayo” at ang bawa’t katumbas na mga pagsasanay sa aklat-aralin.

Paano at bakit nagkaroon ng pagkakataon na makapagsulat ng mga seryeng natukoy? May kurikulum o kurso ng mga pag-aaral o yong tinatawag na takdang paaral sa sariling wika ang mga minoridad. Hindi kasama sa mga aralin sa paaralan ang wika ng mga may wikang minoridad. Nguni’t may pagkakataon silang kumuha ng pagsusulit sa kanilang wika bilang pribatista sa ”videregående skole” at ganoon din sa mataas na paaralan. Sa ganitong paraan ay nagkakaroon sila ng grado na kabilang sa kanilang natapos na aralin. Ito ay binibilang na wikang dayuhan kaya kakaiba ito sa kurikulum o takdang paaral sa sariling wika. Ganoon pa man ay inaasahan din namin na sa pagbabasa sa mga aklat ay makapagbibigay ng pagkakataon sa mga Pilipino na nag-nanais na makapag- aral at mapalawak ang kaalaman nila sa wikang Filipino. Ang mga serye ay maaaring gamitin sa mataas na paaralan at ”videregående skole”. Ang mga aralin ayon sa kurikulum ay dapat makakatulong sa pag-aaral ng wikang Norwego para makasunod sa mga itinuturo. Ayon sa batas ng pag-aaral (opplæringsloven) sa mataas na paaralan (ungdomskole) at sa ”videregående skole” ay may karapatan ang mga mag-aaral na may ibang inang wika na hindi wikang Norwego at ganoon din ang mga Samer - ang mga minoridad din sa bansang Norway na mabigyan ng nararapat na katangiang kailangan para maka-sunod sa pag-aaral ayon sa pangkaraniwang kurikulum sa Norwego. Ang kurikulum o takdang paaral ay nailaan sa tatlong kapatagan at hindi depende sa edad. Ang tatlong serye ay nabibilang sa una, pangalawa at pangatlong kapatagan.

Ang pangunahing layunin sa pag-aaral ay upang palakasin o patibayin ang kaalaman ng mga mag-aaral para maging mahusay sila sa wikang Norwego sa pamamagitan ng paglilinang ng paunahing pagbabasa at pagsusulat at pag-intindi sa kanilang inang wika.

Tungkol sa seryeng Mag-aral Tayo

Ang seryeng Mag-aral Tayo ay pangunang aklat sa mga nagnanais na matuto ng wikang Filipino bilang inang wika. Ang serye ito ay ginawa unang -una na para sa mga Pilipinong ipinanganak dito sa Norway na gustong matuto ng inang wika o unang wika ng mga magulang o isa sa mga magulang. Kadalasan ay ang wikang Norwego ang mas ginagamit na pang kommunikasyon sa mga kalaro, sa paaralan at sa lipunan, pati na rin sa mga kapatid o mga magulang. Nguni’t dahil ibang bansa ang pinanggalingan ng mga magulang kabilang sila sa mga grupo na may wikang minoridad.
Ayon sa patakaran ng pag-aaral, may sariling kurikulum o kurso ng mga pag-aaral para sa mga grupong ito. (Læreplan i morsmål for språklige minoriteter).

Ang mga serye ay nakalahad sa:

1. Mapalawak ang kaalaman ng bawa't mag-aaral sa sining pangkommunikasyon: sa pakikinig at pagsasalita, pagbasa at pagsulat.

2. Mapaunlad ang kaalaman sa wastong pagbigkas ng mga tunog at mga salita, at wastong gamit.

3. Mabigyan ng kaalaman sa mga panglipunan na kaugalian at iba't ibang tradisyon,mga karaniwang gawain, damdamin at kaisipan.

4. Mapalawak ang talasalitaan at magamit nang wasto sa pakikipag-usap o pagpapahayag ng sariling opinyon o kaisipan.

5. Mapaghambing ang wastong gamit ng wikang Filipino at ang wikang Norwego para maintindihan ang kultura ng dalawang bansa at iba pang mga kultura.

Ang mga aklat ay para sa sinumang gustong matuto ng wika kahit aling kaantasan sa paaralan. Ito ay nangangahulugan na walang tiyak na edad ang pinaglaanan. Ang mga serye ay nahahati sa una, pangalawa at pangatlong kapatagan.

Nabatid na sa mga mataas na paaralan ay nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na kumuha ng eksamen sa Filipino bilang dayuhang wika. Hindi itinuturo ang wikang Filipino sa paaralan kaya wala silang pagkakataon na mapag-aralan ito.

Ang mga serye ay nakalahad sa:

– tatlong seryeng babasahin- mga salaysay, tula, pabula, kuwentong bayan, kasabihan at bugtong

– tatlong aklat aralin - isang aklat aralin sa bawa't aklat babasahin. Dito makikita ang mga pagsasanay na nagsisilbing pagsusulit kung naintindihan o natutunan ng mag-aaral ang binasa. Isang aklat -aralin sa bawa't serye. Ang mga ito ay elektronika kaya mahahango ito sa computer.

– isang patnubay para sa mga gagamit ng mga aklat

May listahan ng mga salita o talasalitaan sa likod ng bawa't aklat babasahin na nagsisilbing maliit na diksiyonaryo.

Paggamit ng mga Aklat

Dahil ang wikang Filipino ay hindi pangkaraniwang aralin sa mga paaralan naging layunin namin sa paggawa ng patnubay na ito ay para magpayo sa sinumang gustong mapag-aralan ang inang wika, halimbawa ang mga mag-aaral sa mataas na paaralan at mga magulang na nagnanais na maturuan ang mga anak ng inang wika.

Ang unang serye ay pangunahing babasahing nakakatumbas ng unang patag at nababatay ayon sa kurikulum. Ang seryeng ito ay para sa mga mag-aaral o sino mang Pilipino na mag-uumpisa pa lamang na matuto ng wika. Ang pangalawang serye ay nababagay din na pangalawang patag. Ito ay karugtong ng unang aklat para maipagpatuloy na mabigyan ang mga mag-aaral ng kaalaman sa wika at pagpapalawak ng kaalaman sa mga paksang panglipunan, kaugalian, pabula at iba pa. Ang pangatlong aklat ay nababagay sa pag-intindi ng literatura at iba pang mga paksang panlipunan para mapaunlad ang abilidad na maipahayag ang opinyon sa mga binabasa. Ganoon din ang paggamit ng wika para makipag-usap o makapagsulat ng mga teksto o paksa sa iba't ibang kasarian.
Ang talasalitaan na makikita sa huling mga pahina ng bawa't aklat babasahin ay makatutulong sa pag-intindi ng mga salita at pagpapahayag.

Sa bawa't aklat babasahin ay may katumbas na aklat -aralin. Ang mga ito ay magbibigay ng pagsasanay para mapalawak o makapagbigay ng paniniguro sa pag-intindi sa mga paksang nabasa. May mga tanong din para masagot ito. Ginawa itong "digital" para magkaroon agad ng sagot kung tama o hindi ang mga sagot o gawain. Sa ganitong paraan ay inaasahan din namin na makakapagbigay ng inspirasyon na sumagot at gumawa sa mga akdang-aralin. Mapapakinggan din ang pagbasa ng ilang mga aralin para matutuhan ang tamang bigkas ng mga salita.

May mga link din na makikita sa ilang paksa para makapagbigay din ng pagkakataong mapalawak pa ang kaalaman sa paksa.

Umaasa kami na makakatulong ang serye ito sa ating mga mag-aaral sa pagpapaunlad ng wikang Filipino upang magkaroon ng sapat na kaalaman sa lipunang pinanggalingan, ang kayamanan ng literatura at sining ng kommunikasyon.

Oslo, Mayo 2015

Judy Foronda Guneruissen

Erlinda Pajarillo Skoglund

MAG-ARAL TAYO 1

Mga nilalaman ng aklat babasahin at mga paksa sa aklat-aralin ay mga sumusunod:

Ang pangunahing tauhan - si Arnel

Si Arnel at ang kanyang pamilya

Pagsisimba

Mga malalapit na kapaligiran: sa paaralan, ang palasyo, sa kagubatan

Pagbisita ng pamilya kina Lolo at Lola - naiibang kapaligiran sa labas ng siyudad

Mga pagdiriwang - Pasko, kaarawan

Pagsasaka

Tindahang Pilipino

Ang Alpabeto

Awit at mga Kasabihan

Kuwentong Bayan - Ang Matsing at ang Pagong

Mga Kulay, Mga Numero (hanggang sampu)

MGA PARAAN SA PAG-AARAL SA MGA TEKSTO O PAKSA

Para may baryasyon o mapagkaiba-iba ang paggamit ng mga teksto o paksa ay maaring magkaroon ng:paunang gawain (maaring gawin bago basahin ang teksto), at gawaing pagkatapos mabasa ang mga ito.

A. Mga paunang gawain:

Bago magbasa ng isang teksto o paksa ay maaring magkaroon ng paunang gawain. Halimbawa, basahin lang muna ang titulo ng teksto, pagkatapos ay tingnan ang mga nakalahad na larawan. Gumawa ng sariling kuru-kuro o opinyon kung ano ang gustong ilathala ng teksto.

Si Arnel - ito ay batang mag-uumpisang mag-aral sa Norway.
Maari mong ipagpalagay ang sarili mo sa katayuan ni Arnel. Ikaw rin ay may ganitong karanasan. Mag-isip ka at magsanay na maiprisenta ito sa sino mang maaari mong makakausap sa wika:

1. Ilan taon ka nang pumunta ka rito?
2. Paano ang pagpunta mo rito? Sino ang naunang nandito sa Norway?
   Ilarawan ang iyong sariling pamilya.
3. Paano ka nag-umpisa sa paaralan nang dumating ka rito?
4. Ang iyong karanasan sa pag-aaral ng wikang Norwego.
   Ano ang palagay mo sa iyong unang guro sa wikang Norwego?
   Ang karanasan mo sa pakikipagkaibigan sa mga Norwego.

Maaring maging paksa ito sa pakikipag-usap sa mga magulang, mga kapatid o mga kaibigan. Kung may panahon ka ay maari ringgamitin na umpisa ng mga tanong sa pagsasanay na sumulat ng sariling teksto.

Sa paksang pagsisimba at pagdiriwang.
Dito ay maaring mag-isip at bumuo ng opinyon tulad ng mga sumusunod:

1. Ano ang madalas mong ginagawa sa araw ng Linggo?
2. May mga kaibigan kang hindi katoliko. Ano ang nararapat na
   Ipakita sa mga kaibigan o kakilalang may kakaibang relihiyon?
3. Anu-ano ang kakaiba mong karanasan sa pagdiriwang ng Pasko, o
   pagdiriwang ng kaarawan dito sa Norway kung ihahambing mo sa
   naranasan mong pagdiriwang sa Pilipinas o kapag naimbita ka na
   makipagdiriwang sa kaarawan ng kaibigang naiiba ang kultura?

Sa mga paksang malapit na kapaligiran.

– Sa paaralan.
Tingnan ang mga larawan na nauukol sa tekstong paaralan ni Arnel. Bumuo ng opinyon at kung maari rin ay magsanay kang sumulat sa mga susunod:

1. Ang karanasan mo sa iyong pag-aaral, halimbawa, aling aralin ang pinakagugusto mo at bakit?
2. Ang mga proyekto na dapat mong tapusan.
3. Ang hinahangaan mong guro, ilarawan kung bakit.

4. Ang ekskursyon na di mo makakalimutan.
5. Ang minimithi mong maging propesyon sa iyong kinabukasan.
6. Naranasan mo bang nakipagparada sa ika -17 ng Mayo? Isalaysay ito.

– *Sa labas ng siyudad*

Tingnan ang mga larawan sa paksang pagbisita ng mag-anak kina Lolo at Lola. Pag-isipan at bumuo ng opinyon at magsanay kang sumulat sa mga sumusunod:

1. Mag-isip ka ng sariling karanasan at paghambingin ang kapaligirang makikita sa siyudad at kapaligiran pagpunta sa labas ng siyudad. Anu-ano ang makikita sa kapaligiran paglabas mo sa siyudad?
2. Sa paksang pagsasaka, magbigay ng opinyon kung bakit mahalaga ang gawain ng mga magsasaka.
3. Sa paksang tindahang Pilipino - tingnan ang larawan at magbigay ng opinyon kung paano naihahambing ito sa mga maliliit na tindahan dito sa Norway.

Mga Awit at Kasabihan

1. May alam ka bang awit sa Filipino? O kaya sikapin mong itanong sa mga kakilala mo, magulang, kapatid o kaibigan kung may nalalaman silang awit na Pilipino. Isulat ito at kung kaya mong awitin ay makakapagpalawak ito ng iyong kaalaman sa mga awit sa inang wika.
2. Anong mga kasabihan ang naririnig mo sa Norwego. Tingnan mo kung may kapareho ito sa inang wika.

Kuwentong Bayan

May iba ka bang nabasa na kuwentong bayan?Sikapin mong isulat ito sa sariling salita. Kung may pagkakataon kang magtanong sa mmng sa mga kakilala, magulang o kapatid, magtanong ka rin kung may nalalaman sila. Maaari mo ring isulat para mapalawak mo ang iyong kaalaman.

B. Mga mungkahi na gawain pagkatapos mabasa ang bawa't teksto.

Sa aklat aralin ay may mga pagsasanay tungkol sa bawa't teksto.

1. Para madagdagan ang pagsasanay mo sa pag-intindi ng teksto, sumulat ka ng mga tanong tungkol dito at sikapin ding isulat ang sagot.
2. Maaari mo ring balikan ang teksto at sumulat ng maikling salaysay tungkol sa nabasa mong teksto.
3. Kung may mga salita na hindi mo naintindihan ay maaari mong palawakin ang iyong talasalitaan sa pamamagitan ng pagtatanong sa magulang o sino mang kilala mo. Sikapin mo ring maghanap sa Internett. Sa "Google translate" ay maaaring may makikita kang wikang kasalinan o kahulugan. Nguni't sa aming sariling karanasan, kung minsan ay hindi eksakto ang kahulugan. Kaya maganda pa ring pagpapalawak sa talasalitaan ang pagtatanong sa magulang o sinumang kakilala na nakakaintindi sa mga salita. May website ka ring mapapasukan. Kapag mag umpisa ka sa Google, isulat mo ang paksang gusto mong basahin at may mga lalabas na mababasa mo tungkol sa paksang sinulat mo.
4. Sa wastong pagbibigkas ng salita, maaari mo ring itanong ito sa mga magulang o ibang kakilala na sanay sa inang wika bilang kadagdagan ng mga mapapakinggan mo sa takdang aralin na elektronik.
5. Pagpapalawak ng talasalitaan. Ang salitang ugat ay ang salita na pinamumunuan ng ibang salita para magpahayag ng ibang kahulugan. Maaring ibahin ang anyo o isalin sa ibang bahagi ng pananalita.

   Halimbawa - salitang ugat - anak (pangngalan)
   mga anak - <u>mga -</u> ito ay salitang nagpapahayag ng pangmaramihan at nilalagay sa harap ng pangngalan o pandiwa.
   mag- anak - nilagyan ng <u>mag</u> sa harap. Ito ay tinatawag na unlapi. Mag-anak ay kasingkahulugan ng pamilya
   kamag-anak - ka-pamilya
   pinanganak, naipanganak (pandiwa)

Subukan na palawakin ang mga sumusunod na salitang ugat:

- aral - kuwento
- laro - salita
- simba - usap
- pasko -alam
- araw - awit
- bata - intindi
- gulang - bata
- saya - alaga

Sa aklat babasahin ay mapapalawak ang bawa't teksto at makapagasanay sa mga sumusunod:

1. maipahayag ang sariling damdamin at opinyon
2. makinig at maintindihan at makipag-usap tungkol sa isang salaysay
3. maikuwento o maipahayag ang sariling karanasan

C. Mungkahi na maaring gagawin pagkatapos mong basahin ang mga teksto sa aklat babasahin:

– *Tungkol kay Arnel at ang kaniyang pamilya*

Isipin mo ang sarili mong pamilya. Sinu-sino ang bumubuo sa pamilya mo?

May mga malapit ka bang pamilya sa Pilipinas? Isalaysay ang sarili mong karanasan at damdamin na may mga ka pamilya na malayo sa iyo.

Maliban sa sarili mong pamilya, may malapit ka bang ka pamilya dito sa Norway? Gaano kadalas kayong nakapagsama-sama? Isalaysay ito.

May alaga ka bang hayop, ibon o ano pa man dito? Paano ang pag-aalaga mo nito? Napansin mo ba kung paano ang pag-aalaga ng aso dito sa Norway? May alam ka bang pagkakaiba ng pagbibigay pansin at pag-aalaga ng aso o pusa sa Pilipinas at dito sa Norway? Isalasay at isulat ito.

– *Tungkol sa paaralan, palasyo at ibang malapit na kapaligiran*

Ipahayag ang sariling karanasan sa pagpasok mo sa paaralan. Paano ang gusali? Anu-ano ang mga aralin? Ano ang ginagawa kapag reses at iba pa?

Kung ikaw ay nasa mataas na paaralan, ano ang mga karanasang di mo makakalimutan noong ikaw ay maliit at nasa mababang paaralan?

May paborito ka bang aralin? Isalaysay kung bakit pinakagugusto mo ito.

May karanasan ka ba sa pagkakaiba ng mga guro sa pagtuturo. Isalaysay ang sarili mong opinyon o palagay tungkol sa paksang ito.

Kasama sa mga aralin ang lumalabas sa paaralan para makarating at maranasan ang kahalagahan ng ibang lugar o mapag-aralan ang makikita sa ibang gusali, halimbawa mga museo, mga lugar na palaruan, sa kalikasan at iba pa. Isalaysay ang karanasan mo sa mga aktibidad sa labas ng paaralan. May espesyal ka bang karanasan na hindi mo makakalimutan? Isalaysay.

Saan ka nakatira? Sa Oslo o malayo sa Oslo? Kahit di ka nakatira sa Oslo, naipapalabas ang larawan ng palasyo sa telebisyon sa iba't ibang okasyon. Ano sa palagay mo ang aktibidad sa palasyo? Gaano kadalas ang pagtira ng hari at reyna sa gusaling ito?

May palasyo ba sa Pilipinas? Ano ang pagkakaiba ng Norway at Pilipinas sa pagkakaroon ng palasyo at ang mga taong nakatira doon?

– *Tungkol sa pagsisimba*

Ipahayag ang sariling opinyon o palagay kung bakit mahalaga o hindi mahalaga ang makasama sa pananampalataya, pagdadasal at pagsisimba sa araw ng Linggo.

Mayroon ka bang kaalaman sa pananampalataya sa ibang relihiyon? Ano sa opinyon o akala mo ang pagkakapareho ng iba't ibang relihiyon sa pananampalataya?

– *Tungkol sa pagdiriwang ng kaarawan, pasko at iba pa*

Anong nararamdaman mo kapag naimbita ka sa pagdiriwang ng kaarawan ng iyong kaibigan na Norwego o Norwega? Ipahayag ang sariling opinyon at kung maari ay sumulat ka ng salaysay tungkol sa paksang ito. May mga pagkakaiba ba o pagkakapareho ng pagdiriwang ng kaarawan ng mga Pilipino sa mga Norwego?

May mga sariling katangiang Pilipino ang pagdiriwang ng Pasko.
Isipin kung ano ang pagkakaiba ng pagdiriwang ng Pasko dito at sa Pilipinas. Kung hindi mo pa naranasan na magdiriwang ng Pasko sa Pilipinas, gawin mong liksiyon ito. Maaari kang magtanong sa mga magulang o mga kakilala na may karanasan dito. Isa pa, maaari kang pumunta sa kasunod na link, mababasa mo ang pagdiriwang ng Pasko sa Pilipinas. Gamitin ito para makatulong sa iyo sa takdang aralin na natukoy.

Pagdiriwang ng Pasko-
www.youtube.com/watch?v=nSUdCeucQZgt.

Sa lipunang tinitirahan mo, ano ang pagkakaiba o pagkapareho ng pagdiriwang ng Pasko sa mga Norwego at mga Pilipino. Isalaysay at mag-ensayo na isulat ito.

Sa pamamamagitan ng teknologi ay may mga nakakabagong paraan ng pagdiriwang ng Pasko, katulad ng pagpapada ng "Christmas card" at iba pa. Panuorin ang link at tingnan mo kung alin-alin sa mga bagong paraan ng pagdiriwang ang madalas mong ginagawa.

https://www.youtube.com/watch?v=F-Wka_haXCU

Pagdiriwang ng Pasko ng ilang Pilipino, tradisyunal pa rin kahit high-tech na ang panahon

GMA News .

– Tungkol sa pagdiriwang ng ika 17. ng Mayo

Naranasan mo bang sumama sa parada kapag ika 17 ng Mayo?
Isalaysay ang sarili mong karanasan.

Para mapalawak ang kaalaman: Magtanong ka sa mga magulang tungkol sa pagdiriwang ng kalayaan ng bansang Pilipinas. O sikapin mong maghanap sa Internett tungkol ss paksang ito. Basahin at ihambing ang pagpapahalaga ng kalayaan.

– Tungkol sa mga paksang pagsasaka at tindahan

Sa tula tungkol sa pagsasaka ay mababasa ang mga iba't ibang produkto na naibibigay ng magsasaka. Magtanong ka sa mga magulang o maghanap ng artikulo sa Internett at alamin ang pagtatanim ng palay at iba pang mga produkto na nanggagaling sa pagsasaka. Ihambing ang mga produktong inaani dito sa Norway.

May mga paboritong prutas at gulay ka ba na sa Pilipinas lang tumutubo? Isalaysay kung paano ka nakakatikim ng mga ito. Ano ang ginagawa mong paraan kung di ka nakakabili ng ninanais mong gulay o prutas sa mga asiatikong tindahan?

Ang larawan ng Pilipinong tindahan ay kakaiba sa Norwegong "kiosk".
Paghambingin ang Pilipinong tindahan at ang Norwegong "kiosk".
Anu-ano ang paninda ng bawa't isa?
May karanasan ka bang nakapamili sa tindahan? Isalaysay.

– Tungkol sa pagpriprisinta ng Abakada.

Nakikita mong hango sa Ingles at Espanyol ang abakadang Filipino. Ano sa palagay mo na dahilan kung bakit ganyan ang abakada? Magtanong sa mga magulang o magbasa sa Internett tungkol dito.

Sa kasunod na link ay may kantang tungkol sa Abakadang Pilipino- pakinggan ito. Ano ang magandang asal na makukuha mo dito?

http://www.youtube.com/watch?v=3bo_9s3PKQ8

Youtube: Alpabetong Pilipino
- Abakada Song by Florante | Awiting Pambata | Filipino Music
- www.tagaloglang.com/.../Awiting-Pambata/abakada-s...
- Abakada song by Florante.

Sa susunod na link ay mababasa mo kung paano nagbago ang Abakadang Pilipino. Sa iyong kuru-kuro bakit magandang o hindi maganda ang pagbabago ng Abakadang Pilipino?

Pagbabago ng **Abakadang** Filipino - The Q&A wiki
wiki.answers.com/Q/Pagbabago_ng_Abakadang_Filipino

– *Tungkol sa mga kulay at bilang.*

Mababasa mo ang tawag sa mga kulay sa inang wika. Ano ang madalas na ginagamit ng iyong mga magulang kapag napag-usapan ang mga kulay?
Ganoon din sa pagsasabi ng mga bilang. Obserbahan mo ang iyong pakikipag-usap sa iyong mga magulang o mga kaibigan kung paano nila sinasabi ang petsa, oras, o ano pa mang pagbibilang. Ipaliwanag kung bakit ganoon.

– *Tungkol sa awiting Pilipino*

May alam ka bang awit sa inang wika. Ano ang iyong opinyon sa kahalagahan na matutuhan o malaman ang awiting Pilipino?
- Tungkol sa kuwentong "Ang Matsing at ang Pagong"

Ano ang magandang aral ang pinapahiwatig ng kuwentong eto?
May alam ka bang ibang kuwentong bayan sa inang wika?
Sa mga nalalaman mong kuwento sa Norwego, may katumbas ba sa inang wika? Maghanap sa Internett o magtanong sa mga magulang.

Tingnan mo ang link na kasunod at makinig ka ng mga pambatang awitin:
http://www.youtube.com/watch?v=3Et55kNcsAg&feature=youtube_gdata_player

Mga Awiting Pambata -2
- See more at: Mga%20awiting%20pambata.htm&sthash.fPdInoqy.dpuf

www.filipinoforkids.com

Dito mo mapapakinggan ang mga maraming salitang Filipino.

MAG-ARAL TAYO 2

Mga nilalaman ng aklat:

Ang mga babasahin sa aklat na ito ay sari-saring mga paksa na nakakapagbigay ng pagsasanay na makilala ang alpabeto. Maliban dito ay nakakapagbigay din ang bawa't salaysay ng mga katangiang kanais-nais, kaalaman sa lipunan halimbawa mga kaugalian at iba't ibang pagdiriwang ,at mga iba't- ibang lugar sa Pilipinas .

– Pagdating ng pamilya ni Arnel sa Pilipinas - ito ay bilang pagpapatuloy ng unang babasahing aklat. Ang pamilya ni Arnel ay umuwi sa Pilipinas ng bakasyon ng mga bata sa paaralan.

– Bakasyon sa Pilipinas

– Magagandang Tuntunin

– Pagdiriwang at Tradisyon

– Kaugaliang Pilipino

– Mga Hanapbuhay

– Maga Tula at Kuwento

– Ang Mga Kalikasang Nakikita sa Paligid

– Mag Awit at Mga Bugtong

Mga paraan sa pag-aaral sa mga teksto.

Katulad sa Mag-aral Tayo 1, minumungkahi ng mga may-akda na maaring magkaroon ng paunang gawain pagkatapos mabasa ang titulo ng mga teksto. Pagkatapos mabasa ang mga teksto ay maaring may mga gawain din at bilang kadagdagan sa pag-intindi ng binasang teksto, may mga mungkahi kung paano mapalawak ang bokabularyo at pagpapalawak sa paggamit ng wika. Ganoon din na may mungkahi kung ano pa ang mga gagawin pagkatapos mabasa ang teksto para mapalawak ang kaalaman na panlipunan katulad ng mga kaugalian, magandang aral na naibibigay ng bawa't teksto at iba pa.

A. Mga paunang gawain

– Pagdating sa Maynila

Gunitain mo ang una mong pag-babakasyon sa Pilipinas. Ang mga iba ay hindi lamang sa Maynila ang huling destinasyon. Halimbawa, yong mga may pamilya sa Bisaya o Mindanao, kailangan pa nilang magbiyahe pa bago makarating sa pamilya. Ano ang sarili mong karanasan tungkol sa ganitong pagbibiyahe?

Tingnan at pakinggan mo ang balita na pinalabas sa Pilipinas.

SONA: Seguridad sa Airport, pinaigting sa youtube_:
https://www.youtube.com/watch?v=BqULskfI_8Q

Ano ang pagkakaiba ng paliparan sa Pilipinas at dito sa Norway?

– Bandila sa Scandinavia

Ano ang pumasok sa isip mo kapag natutukoy ang bandila? Paano mo ilalarawan ang bandila ng Pilipinas?
Ano sa palagay mo ang kahalagahan ng mga kulay at mga nakalarawang araw at walong sinag sa bandila ng Pilipinas?

– Kaibigan

Isipin mo ang mga sarili mong mga kaibigan. Bakit mahalaga sila para sa iyo? Ano ang madalas ninyong ginagawa at pinag-uusapan kapag sama-sama kayong magkakaibigan?

Sa mga kabataan ay natural din na magiging aktibo na higit sa pakikipagkaibigan, hanggang nagkagustuhan? Tingnan ang maikling pelikula:

Ang Pagbabalik: A Short Film

https://www.youtube.com/watch?v=oeZxTl5NvN4

Ano ang masasabi mo sa pangyayaring ganito

– Mga Damit Pamimili

Ano ang kaibhan ng mga pananamit dito sa Norway at sa Pilipinas? Naranasan mo na bang namili ng damit sa Pilipinas? Gunitain at sumulat ng sariling salaysay tungkol dito.

– Mga Buwan

Isipin mo kung anu-ano ang kahalagahan ng bawa't buwan sa iyo? Paano ang pangkaraniwang panahon sa mga iba't ibang buwan dito sa Norway? Paano mo ihahambing ito sa mga buwan o panahon sa Pilipinas? May karanasan ka ba? Kung hindi mo pa naranasan ang paglipas ng bawa't buwan ay maaari kang magtanong sa mga magulang o mga kakilalang nakaranas na.

- Mga Gawain o Hanapbuhay

Sa paksang pagtatanim, paano ang pagkakaiba ng pagtatanim ng mga pagkain dito sa Norway at Pilipinas? Anu-ano ang mga tanim na tumutubo rito na hindi puwedeng tumubo sa Pilipinas? Isipin mo ang kabaliktaran, anu-ano naman ang mga tanim na napapalago natin sa Pilipinas na hindi puwedeng tumubo dito sa Norway?

Sa paksang palaisdaan - paano mo ihahambing ang pag-aalaga ng isda o pagpapalakad ng palaisdaan dito sa Norway at sa Pilipinas? Anu-ano ang mga isdang nahuhuli dito sa Norway na wala sa Pilipinas? May mga isda ring maaring mahuli sa Pilipinas na hindi maaring mabuhay dito sa Norway. Ano sa palagay mo ang dahilan ng mga kakaibahan?

Ang sarili mong kuru- kuro ano ang iniisip mong kukuning kurso at magiging trabaho mo pagkatapos kang makapag aral. Sumulat ng salaysay o kunin ito na bilang paksa sa pakikipag -usap mo sa magulang o kaibigan.

– *Mga Hayop*

Paano mong paghahambingin ang pag-aalaga ng hayop dito at sa Pilipinas? Anong mga hayop ang nabubuhay dito na wala sa Pilipinas? May mga hayop bang mayroon sa Pilipinas na wala rito? Ano sa palagay mo ang dahilan ng pagkakaiba?
Isipin mo rin ang pagkakaiba ng pag-aalaga ng hayop na kasama sa bahay (kjæledyr) sa Pilipinas at dito. Isalaysay ito o sumulat tungkol dito.

Tingnan mo ang link at pakinggan ang awit.

Tatlong bibe animated (Awiting Pambata) - YouTube
www.youtube.com/watch?v=D7fTtLFQ2NE

May tatlong bibe akong nakita.

– *Iskursyon*

May isang lugar ka bang napuntahan na hindi mo makakalimutan. Anu-ano ang mga kagandahan ng lugar na ito na nagustuhan mo? Isalaysay ito sa kaibigan, kapatid o sa magulang. Bilang ensayo sumulat ng salaysay tungkol sa paksang ito.
May masasabi ka bang pagkakaiba ng mga lugar na napupuntahan dito at sa Pilipinas?

May karanasan ka ba sa paglabas para magkaroon ng piknik sa isang lugar? Anong naidudulot ng ganitong paglabas at pakikisama sa mga kaibigan o pamilya?
Tingnan mo ang link at magbasa ka ng nagugustuhan mong lugar sa Pilipinas.

– *Mga Makasaysayan Pook sa Ating Bansa*

· mgamakasaysayanpooksaatingbansa.blogspot.com/

– *Liham bilang anyo ng kommunikasyon o pagbibigay -alam*

May karanasan ka bang nakikipag-sulatan sa mga kamag-anak o kaibigan sa Pilipinas.
Sa kadalasan ay napapalitan na ang liham na bilang anyo ng kommunikasyon sa pamamagitan ng bagay tulad ng elektronik na koreo (e-post o di kaya sms/tekstmelding). Ano ang kalamangan nitong modernong pakikipagsulatan?

– Magsaya tayo

Sa paksang ito ay mababasa mo ang pamamasyal sa iba't ibang lugar.Sa internett ay makakakuha ka ng mga impormasyon tungkol sa lugar na gusto mong mapuntahan. Mag-isip ka ng isa o dalawang lugar na kilalang binibisita ng mga turista sa Pilipinas. Pagkatapos mong makakuha ng impormasyon o kaalaman, gumawa ka ng sarili mong teksto tungkol sa mga lugar na ito.: ilarawan ang mga magagandang tanawin, mga maaring magawa habang nandiyan, paano makarating diyan, at iba pa.

Sumulat ka rin ng paanyaya na kanais-nais na mapuntahan dito. Gawin mo itong artikulong na maaari mong ipabasa sa mga kaibigan. Kaya ayusin mo para makuha mo na maipapakita sa iba.

Tingnan mo ang link. Dito marami kang makikitang mga mahalagang lugar sa Pilipinas.

Billedsøk på Google:
mga mahahalagang lugar sa pilipinas

– Nasaan si Elvie?

Ang salaysay ay tungkol sa batang bibisita kay Lola, pero di niya agad nahanap ang daan. Medyo nawala pero natulungan siya ng pulis.
Mag-isip ng isang pangyayari na maaaring naging iyong sariling karanasan o nabasa. Isalaysay kung paano ka natulungan.

– Ang Batang Lalaki sa Pulang Langit

Ang maikling kuwento ay tungkol sa bata na inampon ng mag-asawang may edad na. May nabasa ka ba o narinig na maikling kuwento na hango sa Pilipinas. Sikaping isalaysay ito o isulat ang teksto. Pag-isipan mo rin kung anong magandang aral na naibibigay nito.

Anong maikling kuwento o salaysay ang nabasa mo sa Norwego na nagbigay sa iyo ng magandang aral? Sumulat ng salaysay tungkol dito sa kaibigan mong nasa Pilipinas.

– Pagsasabi ng Oras

Ano ang madalas mong naririnig sa mga magulang mo o mga kaibigan na pagsabi ng oras? Paano sinasabi? Sa aling wika? Bakit natural ang ganitong pagsasabi ng oras sa mga Pilipino? Kung kulang ka ng opinyon tungkol dito, magtanong sa mga magulang o ibang mga kaibigan.

- Mga Bahagi ng Katawan

May alam ka bang awit o tula na tinutukoy ang mga bahagi ng katawan? Sikapin mong iparinig ito sa iyong mga kaibigan o magulang. Itanong din kung may alam silang awit o tula tungkol sa paksang ito.
Kung gagamit ka ng Computer, maari ka rin pumasok sa Youtube:
Pakinggan ang Sampung Mga Daliri.

– *Pinsala ng Bagyo, Sunog*

Naging kilala sa buong mundo ang bagyong dinanas ng mga Pilipino sa Tacloban noong nakaraang taon- Nobyembre 2013. Sumulat ng salaysay tungkol sa pinsalang dinulot ng bagyong ito at paano ang pagtulong ng Norway sa problemang ito.
May mga nababalita na malalaking sunog sa Norway. Sumulat ng salaysay sa isang sunog na nabalita sa Norway.

– *Mga Ugaling Pilipino*

Isa sa mga magagandang ugali ng mga Pilipino ay ang magandang pakikisama. Bayanihan ang tawag nito. Sa mga Norwego, makikita din sa kanila ang ugaling ito - dugnad naman ang tawag dito. Mag-isip ng pangyayaring naranasan mo na ginagawa ito ng mga Pilipino at ganoon din ang mga Norwego.

– *Mahal na araw sa Pilipinas*

Tuwing Mahal na Araw dito sa Norway ay naipapalabas ang pagpapakahirap ng mga tao sa paniniwalang makakapag-bayad sa mga kasalanan. May isang lugar sa Pilipinas na kilalang gumagawa nito. Ito ay naipapakita sa Tv tuwing Biyernes Santo. Ano ang iyong opinyon sa tunay na kahulugan ng Mahal na Araw. Sumulat ng salaysay tungkol dito.

Gamitin mo ang link sa ibaba at pakinggan mo ang pang tradisyonal na pagdiriwang ng Mahal na Araw. Tingnan mo kung kaya mong gayahin ang awit.

https://www.youtube.com/watch?v=JNBqOorodF4

– *Pasyon/Pabasa*

Mga Bugtong
May alam ka bang mga bugtong sa Norwegian? Itanong sa mga magulang o mga kaibigan kung may katumbas ang mga ito sa Filipino. Sumulat ng salaysay.

Mga Awiting Pambata
Sa susunod na link ay may mga awiting pambata na maari mong mapakinggan.

http://youtube/D7fTtLFQ2NE
tagaloglang.com/.../Awiting-Pambata/sampung-mga-d

B. Mungkahi na gawain pagkatapos mabasa ang bawa't teksto.

Sa aklat aralin ay may mga pagsasanay na gagawin sa bawa't teksto. Ganoon din na may mga pagsasalin ng kahulugan ng mga salitang Filipino sa Norwego. Pag-aralan ang susunod na halimbawa para malaman ang pagkakaiba ng pagbabanghay sa bawa't pananalita.

Halimbawa:

– payapa - fred (salitang ugat - rot-ord)

– kapayapaan - fred (pangngalan -substantiv)

– mapayapa fredelig (pang-abay - adverb o pang-uri -adjektiv)

Ang pagbabanghay sa mga uri ng mga pananalita sa Filipino ay hindi katulad ng pagbabanghay sa Norwego. Sumulat ng mga pangungusap na ginagamit ang isang salita sa iba't- ibang uri ng pananalita. Maari kang gumamit ng kahit anong salita na makikita mo sa dalawang unang teksto: Pagdating sa Maynila at Mga Kaibigan ni Arnel.

– *Pagdating sa Maynila - Balikbayan*

Sa paksang ito ay maihahambing mo ang dami ng tao sa Maynila at dito sa Norway. Isipin mo kung bakit malaki ang pagkakaiba. Halimbawa ang kultura o kasanayan ng mga Pilipino, ang populasyon sa Pilipinas ihambing mo sa Norway. Ganoon din sa pagsalubong ng kamag-anak o pamilya sa mga bagong dating sa paliparan. Maari mong gawing paksa ito sa pakikipag-usap mo sa iyong mga magulang o sa pakiki-pag-usap mo sa isang kaibigan na Norwega o Norwego. Sa ganitong paraan ay maipapaliwanag mo ang pagkakaiba ng pagdating sa paliparan dito sa Norway at ang nakasanayang ugali ng mga Pilipino kapag umuuwi sa Inang Bayan.
Maari ka ring sumulat ng salaysay tungkol dito.

– *Si Arnel*

Dito ay mababasa mo ang mga ginagawa ng mga magkakaibigan. Sa gulang mo ngayon, ano ang madalas ninyong ginagawa ng mga kaibigan mo kapag may pagkakataon kayong nakakapagsama-sama.

Kung hindi mo kasama ang inyong mga kaibigan at gusto mo silang maka-usap, ano ang paraan na ginagamit mo para magkaroon kayo ng kommunikasyon?

1. Sumulat ng isang dialog tungkol sa pakikiapg-usap mo sa kaibigan mo. Halimbawa gusto mong imungkahi na lumabas kayo sa bayan para kumain at pagkatapos manuod ng sine.
2. Sumulat sa computer at padalhan mo ng e-post ang iyong kaibigan para itanong kung gusto niyang makipagkita sa iyo sa bayan at tuloy ay dadalawin ninyo ang isa pang kaibigan.
3. Sumulat sa pangatlong kaibigan at itanong kung puwede ka at kasama pang isang kaibigan na dumalaw sa kaniya.

– Mga Damit-Pamimili

Aling tindahan ng damit ang pinakagusto mong pinamimilihan? Isalaysay kung bakit dito mo gustong namimili.

May karanasan ka bang bumili ng damit sa ibang bansa maliban sa Norway? Anu-ano ang mga pagkakaiba?

– Bandila sa Scandinavia at sa Pilipinas

Alamin ang bandila ng bawa't bansa sa Scandinavia. Ganoon din ang bandilang Pilipino. Gumamit ng Internett at maghanap ka ng paksa tungkol sa simbolo ng bawa't bandila sa Scandinavia at ang bandilang Pilipinas. Ang mga kulay at simbolo o sagisag ng bandilang Pilipinas ay may kinalaman sa kasaysayan ng bansa. Maghanap ka ng literatura tungkol dito sa Internett at alamin ang mga katayuan ng mga kulay at mga nakaguhit sa bandila.

O di kaya, maari ka ring magtanong sa iyong mga magulang tungkol sa simbolo ng mga kulay at guhit ng bandilang Pilipinas.

– Mga Buwan

Mag-isip ka kung paano ang panahon at temperatura sa bawa't buwan sa Pilipinas. Ihambing mo ito sa Norway. Maaring gagawin mo ito sa pagsasanay na ikuwento sa kaibigang Norwego o sumulat ng salaysay tungkol dito.

Maari ka ring gumawa ng kuwento tungkol sa mahahalagang pagdiriwang at kung anong buwan dito sa Norway at sa Pilipinas. Halimbawa - ang pagdiriwang ng kalayaan. Dito ay sa buwan ng Mayo. Sa Pilipinas ay sa buwan ng Hunyo. Paano ipinagdiriwang ang pagkamit ng kalayaan sa bawa't bansa?

Tingnan mo ang pangalan ng mga buwan sa Norwego at sa Filipino. Aling mga buwan ang medyo magkahawig o magkapareho ng pangalan?

Isipin mo kung aling mga buwan ang bakasyon ng eskuwelahan sa Pilipinas. Ihambing ito sa Norway.

– Mga Gawain.

Magtanong o magsaliksik kung anu-ano ang mga hanapbuhay o pinagkikitaan ng mga tao sa Pilipinas. Magkano ang pangkaraniwang sahod na tinatanggap ng mga namamasukan. Paano ang palakad ng buhay nila? Sa mga sumasahod ng medyo mataas-taas sa pangkaraniwan ay kadalasang may katulong sa mga gawain sa bahay. Ihambing mo ang buhay dito sa Norway.

Alam mo ba ang pag-aalis ng dila ng "torsk" para ipunin ito at espesyal na pagkain ito ng mga Norwego. Ang palaisdaan ng salmon ay maaring paksa na maikukuwento mo sa iyong Pilipinong kaibigan. Sumulat ng salaysay tungkol dito.

Punta ka sa Google at maghanap tungkol sa pangingisda sa agrikultura. Marami kang makikitang mga larawan ng iba't-ibang gawain sa Pilipinas, Ihambing ang:

– pangingisda dito sa Norway at sa Pilipinas.
– pagsasaka dito sa Norway at sa Pilipinas.
– ang pagtitinda ng mga pagkain dito sa Norway at Pilipinas

– Mga Hayop

May alaga ka ba o di kaya paboritong hayop? Sumulat ng salaysay tungkol dito at isalaysay mo kung paano mo inaalagaan ito o bakit yan ang paborito mong hayop.

Maari ka ring pumunta sa Youtube: Farm Animals

– Mga Hanapbuhay

Gumawa ng salaysay tungkol sa minimithi mong maging hanapbuhay. Bakit ito ang gusto mong hanapbuhay?

– Bagong Diyip ng Tsuper

Ang diyip ay pangkaraniwang sasakyan sa Pilipinas. Gumawa ng salaysay na ipaliwanag mo sa iyong kaibigang Norwega/ Norwego kung papaano ang pagsakay at pagbabayad sa tsuper ng diyip.

– Iskursiyon

Kailan ang huli mong pagsali sa isang iskursiyon. Sumulat ng salaysay tungkol dito.

– Liham

Gumawa ng liham sa iyong lola o sino mang nakakatanda sa iyo at sabihin mong malapit ka ng makapag-bakasyon sa kanila. Sabihin kung kailan, gaano katagal ang bakasyon mo at ang mga binabalak mong mapasyalan habang naka-bakasyon ka.
Usung-uso na sa mga kabataan ang paggamit ng elektronika na liham. Magpadala ka ng liham sa iyong kaibigan sa Pilipinas at itanong kung paano ang pagpunta sa kilalang turistang pook na Boracay mula sa probinsiyang tinitirahan nila.

– *Magsaya Tayo*

Kapag gusto mong lumabas, saan ang paborito mong lugar? Isalaysay.

Magpadala ka ng liham elektronika sa iyong kaibigan. Itanong kung gusto niyang sumama sa iyo sa panunuod ng sine. Ikaw ang magbigay ng mungkahi kung aling pelikula ang gusto mong panuurin ninyo at maaari ring kumain sa labas pagkatapos manuod ng sine.

– *Nasaan si Elvie?*

May karanasan ka bang naghanap ng lugar at di mo kaagad natagpuan ito? Paano ka humingi ng tulong?
-Sumulat ka sa isang kaibigan.Ipaliwanag na hindi ka pa nakarating sa tinitirhan niya. Itanong mo kung paano mahahanap ang kaniyang tinitirhan.
- Ikaw ang kunwari yong kaibigan. Paano mo ipapaliwanag ang paghahanap ng tinitirahan. Pumili ng isang lugar na alam mo at sumulat ng salaysay.

– *Ang Batang Lalaki sa Pulang Langit*

May nabasa ka bang kuwento na tungkol sa pagtulong sa isang hindi kilala. Isalaysay kung bakit mahalaga at kanais-nais ang pagtulong sa kapuwa.

Tingnan mo ang link at pakinggan ang kuru-kuro ng mga tao tungkol sa pagtulong ng mga politiko kung may ganitong pangyayari sa bansa.
Ano ang pagkakaiba ng reaksyon ng mga politiko dito sa Norway kung ihahambing mo sa mga sinasabi ng mga tao sa Mindoro.

Tingnan mo ang mapa ng Pilipinas. Saan makikita ang Mindoro?

Saksi: Ilang bayan sa Oriental Mindoro, mistulang waterworld dahil sa baha

GMA News
https://www.youtube.com/watch?v=7CkcZPZa0Yw

– *Pagsasabi ng Oras*

Bakit madalas na ginagamit ang wikang Ingles o Espanyol kapag nagsasabi ng oras ang mga Pilipino? Paghambingin ang iba't ibang pagsasabi ng oras sa Filipino at ipaliwanag kung paano ang pinagmulan ng ganitong pagsasabi ng oras.

Ihambing ang pagsasabi ng oras sa Norwego at Filipino. Ano ang mga pagkakaiba?

– *Pinsala ng Bagyo, Sunog*

Sa Norway at iba't ibang mga lugar ay nagkakaroon ng mga sunog sa panahong tag-lamig. Ano ang dahilan ng mga sunog na narinig mong lumabas sa balita.

– *Mga Bahagi ng Katawan*

Tingnan mo ang link. May mga awit tungkol sa bahagi ng katawan.
Youtube, Mga awiting pambata: Mga parte ng katawan, Evan Nanay
Paa, tuhod with lyrics

Maaring gamitin na links:

lipunan_at_sistema_ng_edukasyon_sa_pilipinas.pdf&ap=7&coi=771&cop=main-title&npp=7&p=0&pp=0&pct=http%3a%2f%2fsr.searchfunmoods.com%2fp.php

Ako ay Pilipino

http://fil.wikipilipinas.org/index.php/Mga_Manggagawang_Pilipina_sa_Ibayong-Dagat

MAG ARAL TAYO 3

Mga nilalaman ng aklat babasahin at mga paksa sa aklat-aralin ay mga sumusunod:

Sama - Sama Uli

Pagdiriwang ng ika-18 Kaarawan

Pagbisita Kina Lolo at Lola

Isang Kabanata sa Buhay ni Juan Tamad

Kaugalian ng Mga Pilipino

Undas na Naman

Kung Pista sa Amin

Bayanihan

Mga Tula

Mga Katutubong Awitin

Ang Batang Kambing na Marunong Magbilang ng Sampu

Mga Bahagi ng Liham

Kasaysayan ng Pilipinas

Kasanayan sa Paghahanap ng Impormasyon

Mahirap Bang Pag-aralan ang Norwego?

Mga Araling Pang-wika

Mungkahi na Gagawin:

Sa Mag-aral Tayo 1 at 2 ay nagbigay ang mga may- akda ng mga mungkahi bago at pagkatapos mabasa ang bawa't salaysay. Dito sa Mag-aral Tayo 3 ay magbibigay ng mga mungkahi para sa bawa't salaysay o babasahin. Dito ay magbibigay din ang mga may-akda ng mungkahi na maaari mong basahin sa Internett para palawakin ang iyong kaalaman tungkol sa bawa't paksa.

– *Sama-sama Muli*

Gaano kadalang o kadalas ang pagbabakasyon mo sa Pilipinas?
Ano ang nararamdaman mo kapag nakakasama mo sina Lolo at Lola mo at iba pang kamag-anak? Sumulat ng salaysay tungkol dito.

Anu-ano ang alam mong prutas sa Pilipinas na hindi napipitas dito sa Norway?

Punta ka sa Google at maghanap tungkol sa prutas sa pilipinas. Magbasa tungkol sa mga prutas. Ano ang mga kilala mong prutas ? Paano ang lasa ng bawa't isa?

Tungkol sa kalusugan, kilala ang mga prutas at mga gulay sa kanilang sustansiyang naibibigay sa kalusugan.
Marami kang mababasa tungkol dito sa susunod na mga link. Sumulat ng listahan ng iba't ibang prutas at gulay at tukuyin ang mga naibibigay na sustansyang maganda para sa kalusugan o di kaya nakakagamot sa iba't- ibang uri ng sakit.

fil.wikipilipinas.org/index.php?title=Mga_Halamang-Gamot_sa_Pilipinas
www.msn.com/en-ph/news/other/mga-solusyong-hatid-ng-balat-ng...

– *Pagdiriwang ng ika-18 kaarawan*

Nakaranas ka na bang dumalo sa pagdiriwang ng ika-18 kaarawan tulad ng nabanggit sa salaysay? Sumulat ng salaysay at ikuwento mo kung paano ang pagdiriwang ng kaarawang naranasan mo. Isalaysay din kung paano ang pagkakaiba ng pagdiriwang na naranasan mo kapag ang nagdiriwang ay isa mong kaibigan na iba ang nasyonalidad.

Sa mga susunod na link ay makikita mo ang pagdiriwang ni Kathrine Bernardo ng ika-18 taong kaarawan. Tingnan ang Cotillion Dance, ang pag-aalay ng 18 na bulaklak, 18 kandila at iba pa.

https://www.youtube.com/watch?v=9UJZlFr0VQY
https://www.youtube.com/watch?v=K6ZncDNFNPs

Ilagay mo ang sarili mo na isang kaibigan ng may kaarawan. Sumulat ng talumpati para sa may kaarawan.

Ilagay mo ang sarili mo na ikaw ang may kaarawan. Sumulat ng talumpati.

– *Isang Kabanata sa Buhay ni Juan Tamad*

Mayroon ka bang ibang maikling kuwento na nabasa maliban sa kuwentong ito? Ang link na susunod ay tungkol sa maikling kuwento. Basahin mo ang mga bahagi ng maikling kuwento. Magbasa ka ng ilang maikling kuwento na nakalathala sa link na ito.

Halimbawa:

Ang Aral ng Damo
Ang Araw at Ang Hangin
Ang Matalik Kong Kaibigan

Kaya mo bang ilathala ang nabasa mong kuwento ayon sa mga bahagi ng maikling kuwento?

http://www.pinoyedition.com/maikling-kwento/

– *Kaugalian ng Mga Pilipino*

Puntahan mo ang link at tingnan mo ang mga larawan na nagpapakita ng kulturang Pilipino. Sumulat ng salaysay tungkol sa mga larawan.
Gumawa ng maikling kuwento tungkol sa paksang ito.

http://ang-kulturang-pilipino.blogspot.no/2013/09/mga-tradisyon-o-kaugalian-ng-mga.html

– *Undas na Naman*

Ihambing mo ang pagdiriwang ng araw ng mga patay dito at sa Pilipinas. Ano ang pagkakaiba, halimbawa sa pagdalaw ng puntod, pagdiriwang ng "Halloween" at iba pa? Sumulat ng salaysay tungkol dito.
Naranasan mo bang dumalaw sa sementeryo sa Pilipinas. Sumulat ng salaysay tungkol dito. Kung wala kang karanasan, sumulat ka ng sulat pangkaibigan sa isa mong kaibigan o kamag-anak sa Pilipinas at magtanong tungkol sa pagdiriwang ng pista ng mga patay.

Puntahan mo ang link. Tingnan mo ang mga larawan. Ihambing ang iyong karanasan sa mga larawan.

https://www.google.no/&q=Pista+ng+mga+patay

Sa susunod na link ay mababasa mo ang tungkol sa pagdiriwang ng Undas sa ibat ibang bansa. Basahin ito para mapalawak mo ang iyong kaalaman tungkol sa paksang ito.

http://tl.wikipedia.org/wiki/Undas

– *Kung Pista sa Amin*

Puntahan mo ang susunod na link. Marami kang mapapanuod at mapapakinggan tungkol sa paksang ito. Bilang pagsasanay ay sumulat ka ng sulat pangkaibigan at isalaysay mo ang nagustuhan mong presentasyon ng pista at mga awit.

https://www.google.no/&q=Pista+sa+Pilipinas

– *Bayanihan*

Punta ka sa Google at maghanap tungkol sa bayanihan.
Pumili ng tatlong larawan at sumulat ng salaysay. Paano nila isinasagawa ang bayanihan?

– *Mga Tula*

Para madagdagan ang mababasa mong mga tula, puntahan mo ang susunod na link .

https://www.google.no/&q=Tula+sa+Pilipino

Basahin moang mga susunod na tula:
Tula sa Mga Mag-aaral
Maikling Tagalog na Tula
Sa Kabataang Pilipino

Ano ang magandang aral na makukuha mo sa bawa't tula?

– *Mga Katutubong Awitin*

Puntahan mo ang link at makinig ng ibat ibang awitin. Sikapin mong pag-aralan ang ilang awit.

https://www.youtube.com/watch?v=-flWTrdvR3E

– *Ang Batang Kambing na Marunong Magbilang ng Sampu*

Ano pa ang alam mong kuwentong pabula o tungkol sa mga hayop?

Balikan mo ang link tungkol sa mga maiikling kuwento at pumili ng isang kuwento tungkol sa iba't -ibang hayop, halimbawa ang kalabaw at iba pang hayop na alam mong nabubuhay sa Pilipinas.

Puntahan mo ang link sa ibaba. Basahin mo kung paano nabuo ang Lupang Hinirang.

https://historiaelfilipinas.wordpress.com/

MAHAHABANG TEKSTO

Karagdagang pagbasa sa mga gustong bumasa ng mahabang teksto.
Dito maaaring sumulat ng kabuuan o usapan ng pangkat.

ANG BAGONG KASUOTAN NG HARI.

(Keiserens nye klær av HC Andersen)

Noong unang panahon my isang haring napakahilig sa mga bagong kauotan. Mga mababagong damit ang kanyang higit na mahal sa buong daigdig. Oras-oras ay nagpapalit siya ng damit. Ang ikalawang palapag ng palasyo ay punong-puno ng damit, ngunit gusto pa rin niyang magkaroon ng marami pa.

Isang araw may dumalaw na dalawang manghahabi ng damit. Ibig nilang makaupsap ang hari dahil gusto nilang igawan siya ng bagong kasuotan na gawa sa pinakamamahalin at pinakabagong tela.

"Ang telang ito ay hindi lamang mamahalin at maganda," ang sabi nila. "Ito ay masalamangka."

"Masalamangka?" tanong ng hari.

"Opo," sagot naman ng mga manghahabi. "At ang nakakabuti nito ay ang mga matatalinong tao lamang ang nakakakita sa damit."

"Hmmmmm," nag-isip ang hari. "Kung ako ay may ganitong kasuotan madali kong malalaman kung sino sa aking mga alagad ang matatalino at kung sino ang bobo."

Inutusan niya ang manghahabi na simulan agad ang nasabing kasuotan. Pinagamit niya ang malaharing habihan. Bibigyan nila sila ng malaginto at sedang sinulid upang gamitin sa paghahabi. Nguni't hindi nila ito ginamit. Sa halip ay isinilid nila lahat ang magagandang sinulid sa kanilang bag at hinayaang walang laman ang habihan.

Walang ginawa ang dalawang manghahabi sapagka't sa katotohanan sila ay hindi tunay na manghahabi. Balak lang nilang lokohin ang hari.

Pagkaraan ng ilang araw naisipan ng hari na dalawin ang mga manghahabi. Inanyayahan niya ang ministro ng bansa. Nang sila'y pumasok sa silid pagawaan napansin nilang abalang-abala ang mga manghahabi.

''Ay, naku!'' isip ng hari. ''Wala akong nakikitang tela. Ang ibig sabihin ba ay bobo ako? Kung gayon man ay hindi ko ito sasabihin.''

Tumayo ang mga manghahabi at ipinakita ang kanilang nagawa sa minstro.

''Tingnan po ninyo, hindi po ba maganda ang tela?'' tanong nila.

''Oo, talagang napakaganda. Magaling ang pagkakagawa! Ay! Ang mga kulay – iba't iba at magaganda,'' sagot naman ng ministro.

Nguni't ang katotohanan ay walang nakita ang ministro. Ito'y hindi katakataka sapagka't talaga namang walang ginawa ang mga manghahabi.

Ang hari at ministro ay bumalik muli sa palasyo.

''Totoong napakaganda po ng tela, mahal na hari. Wala pa akong nakitang katulad noon,'' ang sabi ng ministro.

Ngumiti ng matiwasay ang hari.

Pagkaraan uli ng ilang araw ay inutusan uli niya ang mayordomong pumunta sa pagawaan at suriin ang ginawa ng mga manghahabi. Nang siya'y pumasok sa silid nagkunwaring nagtratrabaho na naman ang mga manghahabi.

Nakatitig ang mayordoma sa habihan na walang laman.

''Naku po!'' ang isip niya. '' Wala akong nakita, ah. Ang ibig sabihin ba nito'y ako'y bobo? Kung gayon hindi ko ito sasabihin.''

Bumalik ang mayordoma sa hari at sinabi niya na napakaganda ng tela at wala pa siyang nakitang katulad ng telang yoon.

Ang hari ay nasiyahan at naisipan niyang pumunta muli sa pagawaan. Isinama niya ang ministro at ang mayordomo. Nang sila'y pumasok sa silid nagkunwari uli ang mga manghahbi na sila ay abalang-abala.

''Hindi ba kaakit-akit ang tela?'' tanong ng ministro.

''Oo, at ang mga kulay napakaganda,'' dugtong naman ng mayordomo.

Ang hari, ministro at ang mayordomo ay nagkunwaring may nakita sliang magandang tela. Ayaw nilang sila'y masasabing mga bobo.

Titig na titig ang hari sa habihan. ''Talagang wala akong nakikita,'' ang isip niya. ''Pero hindi ko ito ipapaalam.''

At bigla siyang napasigaw. '' Ang telang ito ay pinakamagandang tela sa buong mundo. Igawa ninyo agad ako ng bagong kasuotan at gamitin ninyo ang telang iyan.''
''Kung ito po ang inyong utos, mahal na hari, ay gagawin namin agad,'' sabi ng mga manghahabi. '' Nguni't kailangan namin kayong masukatan.''

Hinubad ng hari ang kanyang kapa at siya ay sinukatan.

''Animnapung sentimetro,'' sabi ng isa.

''Pitumpu naman dito,'' dugtong ng ikalawa.

Kunwaring tinanggal nila ang tela sa habihan at isinukat sa hari.

''Mahal na hari, ibig ba ninyong ganito kahaba ang damit?'' tanong ng isa.

''Oo,'' sagot ng hari. ''Ganyan nga. Katamtaman lang.''

''Eh, ang laylayan po, mahabang-mahaba ba?'' tanong ng ikalawa.

''Oo, ganoon na nga,'' sagot ng hari.

Masayang-masaya ang hari at binigyan niya sila ng tatlumpung sakong ginto.

''Pagkatapos ninyong magawa ang damit ay bibigyan ko pa kayo ng dalawampung sakong ginto,'' sabi ng hari.

Nagtinginan at nagngitian sa isa't isa ang mga manghahabi.

Sinimulan nga nila ang naturang damit ng hari. Sila ay nagkunwaring abalang-abala. Ang ilaw sa pagawaan ay bukas araw at gabi upang masabing sila ay nagtratrabaho nang husto. Sa wakas ay natapos ang damit.

Dumating ang araw ng parada. Dala-dala ng dalawang manghahabi ang yaring

damit sa palayo sapagka't ito ang isusuot ng hari. Kanilang iniabot ang bagong damit at ang sabi nila:

"Narito na po ang inyong bagong kasuotan, mahal na hari. Ito ay napakaganda at napakagaan parang hangin."

"Pantastiko," sigaw ng hari.

Binigyan ng muli niya ng dalampung sakong ginto ang mga manghahabi. Sila'y tuwang-tuwa.

Hinubad ng hari ang luma niyang damit. Tumulong kunwari ang dalawa.
"Mahal na hari," sabi ng isa. "Ano po ang masasabi ninyo sa mga manggas?"

"Maganda," ang sagot ng hari.

"Hindi po ba masikip sa baywang?" tanong ng ikalawa.

"Hindi," sagot ng hari. "Tamang-tama lang. Sukat na sukat."

Ang hari ay pumaroo't pumarito sa salamin habang siya'y umiikot at kumekembot.
"O nga," sabi niya. "Ito ang pinakamaganda sa lahat ng aking kasuotan."

Nguni't ang totoo niyan ay nakapanloob lamang siya.

Dumating din ang dalawang katulong. Kunwari naman nilang hawak ang mahabang kapa. Ang ministro at ang mayordomo ay nakatayo sa bawat tabi ng hari at nakataas ang noo. Handa na silang pumarada.

Maraming taong naghihintay sa labas ng palasyo. Gusto nilang makita ang bagong kasuotan ng hari.

"Masalamangka daw ang kasuotang yoon," sabi ng isang tao.

"Ang dinig ko ay mga matatalinong tao lang daw ang makakakita noo." sabi naman ng isang babae.

Ang lahat ay nagtanong sa sarili. "Makikita ko kaya ang nasabing damit ng hari?"

Nang lumabas ang hari lahat ay sumigaw. "WAW!!!! Ang ganda! At napakaraming

kulay! Tamang-tama sa kanya.'' Nguni't ang totoo ang hari ay nakasuot ng panloob lamang. Ang bago at kaakit-akit na damit ay kunwari lang.

Patuloy ang parada ng hari hanggang sila'y nakalabas sa palasyo. Pagkataposs may biglang sumigaw sa madla, isang batang babae at ang sabi:

''NAKU!!! Ang hari ay lumalakad na kakapanloob lamang!''

''Narinig ninyo,'' bulong ng mga tao sa isa't-isa. ''Ang sabi ng batang babae na ang hari ay hindi nakadamit.''

''Tama ang bata,'' sabi ng mga tao. ''Ang hari ay nakakamiseta at salawal lamang.''

Nagsimulang magkagulo ang mga tao at nagsigawan.

''Walang damit ang hari!!! Siya ay nakapanloob lang!''

Narining ng kawawang hari ang sigaw ng mga tao nguni't wala na siyang magawa. Kaya pinagpatuloy na lang niya ang paglalakad hanggang sa makabalik siya sa loob ng palasyo. Habang siya'y naglalakad, siya'y ngitngit na ngitngit at galit na galit sa manghahabi. Naisip niya na siya ay tama sa simula't simula pa nguni't siya ay napakabobo rin sapagka't pinahintulutan niyang siya'y lokohin ng mga estranghero. Ibig ng haring gumanti at parusahan ang dalawang manghahabi nguni't huli na ang lahat. Ang mga manghahabi ay malayong-malayo na. Dala-dala ang mga ginto.

PAGKUHA NG KURSO SA KOLEHIYO

Katatapos lang ng pinsan nila Arnel, si Ate Nelly sa kolehiyo. Nagtapos siya ng pagka-nars.

Sa mga kurikulum ay nasabing apat na taon ang pag-aaral para maging nars. Nguni't sa apat na taong ito ay ginugol pa ni Ate Nelly ang kaniyang bakasyon sa summer na dalawang beses (madalas na sabihin eto na mag- summer classes) para sa ganoon ay matapos niya lahat ang kailangang aralin.

Ang isang taon ay nahahati sa dalawang "semester". Kaya kapag nag-aral pa sa "summer" ay maikli lamang ang bakasyon ng estudiyante. Bawa't semester, nagbabayad ng matrikula si Nelly. Ganoon din kapag kumuha ng aralin sa summer. Ang ikaapat na taon niya sa kolehiyo ay namasukan na siya sa isang klinika para mag-ensayo sa mga trabahong ginagampanan ng mga nars. Dito na niya magagamit ang praktikal na bagay na napag-aralan niya sa iba't ibang teorya. May permanenteng nagtratrabaho doon na matagal ng nars ang sumusubaybay kay Nelly para turuan siya ng mga tamang gawain.

Nang magtapos siya sa kolehiyo ay natuwa ang mga magulang. Dumalo ang buong pamilya, kasama rin sina Lolo at Lola sa "graduation" ni Nelly.

Nguni't kung tutuusin ay hindi pa yon ang tunay na pagtatapos ni Nelly. May patakaran na kailangan ay kukuha siya ng eksamen na ibibigay ng gobiyerno. "Board exam." ang tawag nito. Pangkaraniwan sa mga kukuha nitong eksamen na mag-re "review" para paghandaan ito. Kapag naipasa niya ito ay diyan pa lang siya kabilang sa mga rehistradong mga nars. Kaya nang nagbakasyon ang mag-anak ay Sabado at Linggo lang nila nakakasama si Nelly dahil sa kaniyang pag re- "review".

HINDI LAHAT AY MAY PAGKAKATAONG NAKAKATAPOS NG KOLEHIYO

Dahil sa taas ng binabayaran na matrikula at kamahalan ng mga aklat na kailangan ay talagang mahal ang pag-aaral sa kolehiyo.

Si Nelly ay masuwerte dahil guro ang kaniyang nanay at ang tatay niya ay namamasukan din sa gobiyerno. Kayang kaya nilang tustusan ang pangmatrikula ng mga anak at iba pang kailangan sa pag-aaral.
Kahit mahigit ng 18 taong gulang ang mga anak nila ay sila pa rin ang bahala sa pag-aaral ng mga bata sa kolehiyo.Ang mga magulang ang pangkaraniwang gumagastos sa pangangailangan ng mga anak nila sa pag-aaral.

Sa mga ibang pamilya na di gaano mataas ang sinasahod , nguni't naniniwala na ang may natapos na kurso sa kolehiyo ay nagbibigay ng magandang kinabukasan, pinapayuhan din ang mga anak nilang magsikap na makapag-aral. May mga kabataan na namamasukan sa trabaho at sa gabi nag-aaral. Ang makatapos sa kolehiyo ay isang mabuting paraan para magkaroon ng trabahong nagbibigay ng malaking sahod. Ito ang paraan para mapaghandaan ang magandang kinabukasan ng mga kabataan. Ang mga magulang naman na kakaunti ang kinikita nguni't nakakaraos ay sinisikap na madagdagan ang kanilang kikitain sa pamamagitan ng ekstrang trabaho, o di kaya "overtime" para mapag-aral ang mga anak. Sa ganitong pamilya ay sinasabi ng mga magulang na hindi baleng magdanas ng hirap kung maitataguyod ang mga anak sa pag-aaral. Sa ganoon umaasa sila na giginhawa ang buhay nila kapag nakapagtapos ang mga anak at magkakaroon ng magandang trabaho.
Ang lubhang mahirap ay ang walang pagkakataon na makamit ang ganitong mithiin sa buhay, maliban na lamang kung sa di pangkaraniwang katalinuhan ng isang mag-aaral ay nabibigyan ng "scholarship" sa pinapasukang paaralan.

Walang pagkakataon na makautang sa gobiyerno ang mga estudiyante. Hindi katulad sa Norway na kapag naging malaya na sila sa mga magulang at mag-aaral ay makakautang sila sa gobiyerno bilang estudiyante. Kapag nakatapos na sila sa pag-aaral at nag-umpisang magtrabaho sila magsisimula rin sa pagbabayad ng utang sa pag-aaral. Ang mga nag-aaral sa Norway ay hindi gaanong mataas ang binabayarang matrikula.

ANG PAGTANDA SA PILIPINAS

Sina Lolo at Lola ay malapit ng maging walumpong taon. Ngunit malalakas pa sila. Nagtatanim pa si Lolo ng mga prutas at maraming gulay sa paligid ng bahay. May ari-arihan silang malaking lupain. Tinataniman ito ng maraming niyog. Eto ay ginagawang "copra" at malakas ang benta nila. Maliban dito, may malawak din silang lupa na tinataniman ng mais at kamote. Dahil malaki ang mga lupain at maraming gawain sa panahon ng pagkokopra, pagtatanim at pag-aani ng mga produkto ay yong anak nilang si Anghel at ang kanyang asawa ang madalas nilang nakakasama sa mga gawain.Pinagbibili ang karamihan na produkto. Kontento sila sa kabuhayan nilang ganito.

Sa di kalayuan ay diyan nakatira ang isa pang kapatid nila Tatay. May pamilya na rin siya. Mula noong bata pa siya ay parating nakakasama nina Lolo at Lola. Kaya siya ang natuto sa mga gawain diyan. Hanggang mag-asawa siya ay nagpatuloy na tumira doon. Nagpatayo ng bahay na malapit kina Lolo. Nagpatuloy pa rin siya at ang kaniyang asawa na kasama-sama sina Lolo at Lola sa pamamahala ng mga ari-arian at gawain, hanggang magka-anak din sila. Diyan na rin lumaki at nag-aral ang mga pinsan nila.

Napag-usap usapan nina Tatay ang kinabukasan nina Lolo at Lola. Maayos ang buhay nila dahil may sapat silang ari-arian at pinanggagalingan ng ikabubuhay. May nababayaran din silang nakakasama nila sa pag-asikaso sa mga produkto - mula sa pagtatanim, pagpapalaki at pag-aani ng mga tanim hanggang sa pagtitinda sa mga ito. Ngunit nararamdaman nila na balang araw ay masyadong malaki itong aasikasuhin pa nila.

Gusto nina Lolo at Lola na kahit nasa Norway na si Tatay ay kabilang pa rin siya kapag ipapamana na nila ang kanilang ari-arian. Tatlo silang magkakapatid. Para kay Tatay, dahil ang bunso nilang kapatid ang naging katulong-tulong nina Lolo sa paggawa sa lupa at siya ang nakakagawa nito, hindi baleng walang ari-arian na mapapunta sa kaniya dahil hindi naman niya maaasikaso ang mga gawain dahil nga sa kalayuan namin sa kanila. Ang gusto lamang niya ay magpatuloy pa rin na makaka-uwi kami rito at kabilang pa rin kaming pamilya. Sabay na tumawa sina Lolo at Lola at nagsalita si Lola. "Siyempre naman anak, gusto nga namin mas madalas naman kayong umuuwi rito at matatanda na kami. Natutuwa kami na nakakapiling namin ang bunso ninyong kapatid, pero gusto rin naming nakikita at nakakapiling kayo. Di bale sina Pepe dahil maya't maya, nandidito. Nakapagsabay-sabay kaming kumakain. Pero kayo na malayo, mahirap isipin na nahiwalay kayo."

Napapaiyak na si Lola. Tinabihan siya ni Nanay at inakap.
Si Arnel ang nagsalita:" Lola, hindi kami malayo, nakakausap mo nga kami sa Skype at naaawitan pa kita ng bahay kubo maski hindi naman pala bahay kubo ang bahay ninyo - he he he. Ang tutuo, mas malaki pa kaysa sa apartment na tinitirahan namin sa Norway. Tatlong silid ang tulugan lang, kaya magkasama kami ni Kuya sa isang silid."

Tahimik si Tatay. Ngunit sa isip niya, hindi nakakalungkot isipin ang pagtanda nina Lolo at Lola dahil nandiyan ang mga kapatid niya- sina Tiyo Pepe at Tiyo Carlos at mga anak nila na nakakalapit sa kanyang magulang at kapag mahina na sila, hindi pababayaan ng pamilya sila dahil eto ang kanilang pamilya.

Noon magsalita siya, serioso ang kaniyang tinig: " Itay, Inay, oo nga at malayo kami ngunit ang mga kapatid ko at mga pamilya nila ay malapit sa inyo. Hindi kayo nila pababayaan. Di bale at sabi nga ni Arnel, nakakapag-usap naman tayo sa Skype at dadalasan na namin ang pagbakasyon dito. Kailangan din ng mga bata na madama na ang pamilya nila ay nandito. At gustong gusto nilang nakakakain ng mga bagong pitas na mga prutas at gulay, bagong huling isda at yong mga minatamis na niluluto ng mga tiyahin at mga pinsan nila, kasama na rin ang mga kapitbahay. Pagbalik namin ay matutuhan pa pati nila ang pagtatanim ng iba't ibang prutas at gulay, manghuli ng isda, magluto ng lutong pagkain at iba pang pangkaraniwang gawain dito. Hindi nila makakalimutan ang kaugaliang Pilipino. At matuturuan pa sila ng mga pinsan ng mga ginagawa sa inyo para makita din ninyo ang lakas ng mga apo ninyo tuwing uuwi kami rito."

Napangiti si Lolo:" Oo nga ang mga apo ko. Ipangako ninyo na magbabakasiyon kayo ng madalas habang may lakas pa kami. Pag mahina na kami at baka maging ulianin na ay di na namin mapapansin siguro ang pagkabibo ng mga bata.

Nagsalita rin si Ate: " Opo Lolo, dadalasan namin ang uwi namin dito dahil masarap ang mga pagkain at nang makita rin ninyo kami sa aming paglaki. Kung papayag sina Nanay at Tatay ay dito kami magdadaos ng ika-18 kaarawan- he he he. At kapag mahihina na kayo, kami naman ang gagawa sa mga gawain dito at magluluto rin kami ng pagkain nating Pilipino at yong mga niluluto naming pagkaing Norwego para maiiba naman paminsan-minsan ang matitikman ninyo.

Sumang-ayon si Nanay: "Tingnan ninyo, gustong -gustong uuwi rito ang mga bata. Opo, dadalasan namin ang pag-uwi rito."

Natuwa sina Lolo at Lola. Pinagyayakap ang mga mag-anak.

Alam nila na kapag mahina na sila ay nariyan ang mga anak nila, mga manugang at mga apo na malapit sa kanila. Ngayon at nakapagsabi ang pamilyang nakatira sa Norway na dadalasan nila ang pagbabakasyon nila ay natuwa ang mga matatanda.

SA MABABANG PAARALAN

Huling linggo ng Hunyo ang dating nila Arnel sa Pilipinas.
Nag-umpisa na ang mga pinsan nila sa paaralan. Hunyo ang umpisa ng pag-aaral. Katatapos lang nila ng bakasyon ng summer o tag-init. Kaya nang dumating sina Arnel ay pasukan na sa paaralan ang mga mag-aaral.

Pitong taon nag-uumpisa sa paaralan ang mga bata. Nguni't bago silang magpitong taon taon ay nakakapasok na sila sa isang pribadong "nursery".

Sa pamilya ni Tiyo Carlos ay tatlo ang mga anak nila: sina Emma, Lorna at Elmer. Si Elmer ang bunso. Siya ay nasa ika-anim na baitang sa mababang paaralan. Tinatawag ito na Elementarya at magtatapos na siya sa taong ito. Ang kasunod ay mataas na paaralan. High School ang tawag nila dito. First year, second year, third year at fourth year ang tawag sa mga baitang sa High School. Nasa fourth year na si Lorna sa High School. Magtatapos na siya ngayon. Pagkatapos na niya ng high school ay mag-iisip na siya kung anong kurso ang kukunin. Maaring kukuha ng praktikal na edukasiyon o papasok sa kolehiyo o universidad. Kung praktikal na edukasiyon ang kukunin niya ay maaring mas maikli ang gugugulin niyang panahon.

KAUGALIAN NG MGA PILIPINO

PAGTITIWALA SA MAYKAPAL

Malaki ang ating tiwala sa Poong Maykapal. Naniniwala tayo sa mga biyaya at patnubay ng ating Panginoon. Nagpapasalamat tayo sa mga ibinigay Niyang biyaya sa atin. Nagdarasal tayo na pangalagaan Niya tayo.

Nakita ang ating pagtitiwala sa Maykapal sa oras ng kagipitan o problema. Nang magkaroon ng rebolusyon sa EDSA, nagdasal ang mga tao.

PAGBUBUKLOD NG MAG-ANAK

Malapit sa isa't isa ang bawa't kasapi ng mag-anak na Pilipino. Matibay ang pagbubuklod-buklod ng ating pamilya. Madalas dumalaw ang mga anak sa mga magulang kahit na nag-asawa na sila.

PAGKAMATULUNGIN

Ang bayanihan o palusong ang tawag ng iba rito. Ang pagtutulungang ito ay isang katangi-tanging ugali natin. Nakatutulong ito sa pag-unlad ng ating pamumuhay. Sama-sama tayong nagtutulungan sa pagtatanim upang maging masagana ang ating ani. Nagtutulungan din ang mga kasapi ng barangay na mapaayos at mapaganda ang kanilang lugar. Nagtutulungan din tayo sa panahon ng sakuna at kalamidad.

PAGGALANG

Ang pagpapahalaga natin sa ating kapwa ay nakikita sa paggalang sa kanila, lalo na sa matatanda. Iba't iba ang paraan ng paggalang natin. Nagmamano tayo sa mga nakatatanda. Gumagamit tayo ng mga magagalang na salita gaya ng po at opo. Gumagamit tayo ng mga magagalang na pantawag tulad ng ate, kuya, manong o manang. Ang iba ay tinatawag naman natin ng Ma'am o Sir, Aling o Mamang kasunod ang kanilang pangalan.

Ipinakikita rin natin ang ating paggalang kung tayo ay paalis o dumating. Nagpapaalam tayo kung aalis. Bumabati naman tayo kapag dumating. Ang pagmamano o paghalik sa kamay ng matatanda ay isa sa pinakamagandang kaugalian ng mga Pilipino.

Sa ating mga Pilipino, mahalaga ang paggalang sa kapwa. Ang bawat tao ay ating iginagalang anuman ang katayuan niya sa buhay. Siya ay ating pinakikitunguhang mabuti.

Lahat ng tao ay pantay pantay, bata man o matanda, mahirap man o mayaman. Bawat isa sa atin ay dapat nagpapahalaga sa ating kapwa. Ito ang dahilan kung bakit dapat igalang natin ang bawat isa. Ang paggalang ay naipakikita natin sa iba't ibang pagkakataon. Ito ay nakatutulong upang bumuti ang ating pagsasamahan. Nakatutulong ito upang tayo ay magkabuklod-buklod.

MALUGOD NA PAGTANGGAP NG BISITA

Ang ating pagpapahalaga sa ating kapwa ay nakikita rin sa ating mabuting pagtanggap sa mga bisita. Ibig nating masiyahan sila.

Pinapakain natin sila ng meryenda o anumang pagkaing ating naihahanda. Kung sila'y galing sa malayong lugar, inaanyayahan natin silang matulog sa ating tahanan. Minsan, nagpapadala pa tayo ng mga regalo o pabaon bago sila umalis.

PAMANHIKAN

Pamanhikan, ang paghingi sa kamay ng nobya sa kanyang mga magulang ay isa ring nakaugalian ng mga Pilipino.

PAG-ALALA SA MGA YUMAO

Ang pag-alala sa mga yumao na mahal sa buhay sa pamamagitan ng pagpapadasal sa kanila ay nakaugalian na rin at marami pang iba.